


# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 4: Kaugnayan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Pag-usbong ng Nasyonalismo



## **Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang**

### **Alternative Delivery Mode**

### **Ikatlong Markahan – Modyul 4: Kaugnayan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Pag-usbong ng Nasyonalismo**

#### **Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Loida L. Castaños, Rolly L. Caseñas, Jenilyn N. Abejero, Donabella D. Dancis,
<b>Editor:</b>	Elizabeth M. Deligero, Salvador A. Artigo Jr., Jaime Leon T. Cardona
<b>Tagasuri:</b>	Emmanuel A. Gerardo, Betelino V. Amigo, Evangeline A. Gorduiz
<b>Tagaguhit:</b>	Carlito B. Buctot
<b>Tagalapat:</b>	Nadir M. Beringuel, Leomar G. Paracha
<b>Tagapamahala:</b>	Ma. Gemma M. Ledesma Arnulfo M. Balane Rosemarie M. Guino Joy B. Bihag Ryan R. Tiu Nova P. Jorge Pedro T. Escobarte Jr. Joel A. Zartiga Liza L. Demeterio Eduardo E. Legantin Emmanuel A. Gerardo

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Regional No. VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# 5

## **Araling Panlipunan**

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:  
Kaugnayan ng Pakikipaglaban ng  
mga Pilipino sa Pag-usbong ng  
Nasyonalismo**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Sa modyul na ito ay tatalakayin natin ang naging impluwensiya ng kolonyalismong Espanyol sa pagkakilanlan ng mga Pilipino. Halina't basahin natin ang kabuuan ng modyul.

Pagkatapos masunod ang lahat ng mga gawain ay inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

- Nasusuri ang kaugnayan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino;
- Nakapagtatala ng mga epekto ng pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino; at
- Napapahalagahan ang kaugnayan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino.



## ***Subukin***

**Panuto:** Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagsasaad ng tunay na pangyayari sa ilalim ng kolonyalismong Espanyol. Isulat ang bilang ng tamang sagot sa sagutang papel.

- 1.) Nagkaroon ng “*colonial mentality*” ang maraming Pilipino bunga ng matagal na panahong pananatili ng Espanyol sa Pilipinas.
- 2.) Mula sa pagsamba ng ating mga ninuno sa mga anito, ipinakilala ng mga Espanyol sa mga Pilipino tungkol kay Hesus. Sa ilalim ng kanilang pamamahala ay dumami rin ang mga naitayong simbahan sa bansa.
- 3.) Ang pamahalaan ay naging sentralisado at nagkaroon ng mga posisyon tulad ng gobernador heneral.
- 4.) Naipakilala ang paggamit ng bato sa imprastruktura. Napatibay nito ang mga bahay ng mga mamamayan. Nagkaroon ng mga gusali at daan ang Pilipinas.


- 5.) Pagdidisenyo ng gintong kwintas at pagsusuot ng putong ay natutunan din natin sa mga Espanyol.
- 6.) Ang mga kalalakihan ay natutong magsuot ng mga pantalong may sinturon at suspender, kurbata at *polo shirt*. Ang mga kababaihan naman ay natutong magsuot ng maikling damit, palda at blusa, sapatos na may taking at manipis na medyas.
- 7.) Ang *barter trade* o palitan ng paninda na hindi gumagamit ng pera o salapi ay isang sistema ng pangangalakal na natutunan natin sa mga Espanyol.
- 8.) Napanatili ng mga Muslim ang kanilang pananampalatayang Islam dahil sa kanilang katapangan at pagkakaisang labanan ang mga mananakop.
- 9.) Naging pormal ang sistema ng pag-aaral, nagtayo ng mga paaralan at unibersidad kung saan mas nalilinig pa ang kakayahan ng isang indibidwal.
- 10.) Dahil sa mga pangyayari sa panahon ng kolonyalismong Espanyol naging daan ito upang sumulat ng mga akda ang mga Pilipino. Halimbawa nito ay ang Florante at Laura, Noli Me Tangere at El Filibusterismo.

## **Aralin**

# **1**

## **Kaugnayan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino sa Pag-usbong ng Nasyonalismo**

Sa modyul na ito, ating aalamin kung paano nagbigay-daan ang mga patakarang kolonyal upang umusbong ang kamalayang pambansa ng mga Pilipino. Halina't ating pag-aralan.



## ***Balikan***

**Panuto:** Ibigay ang hinihinging kasagutan ayon sa mga pahiwatig. Gawin ito sa sagutang papel.

1. 

S		N		K	U		O
---	--	---	--	---	---	--	---

Ito ay dula tungkol sa pagpapasakit ni Hesukristo sa krus.

2. 

P	A	S		O	N
---	---	---	--	---	---

Ang tulang inaawit patungkol sa buhay at pagpapasakit ni Kristo.

3. 

P		G	H			H		R	A	N	A
---	--	---	---	--	--	---	--	---	---	---	---

Ang pag-awit ng kundiman sa tapat ng bahay ng dalagang nililigawan.

4. 

P	A			O
---	---	--	--	---

Ang tawag sa panahon na ipininagdiriwang ang kapanganakan ni Hesukristo.

5. 

P	R		S	I	S		O	N
---	---	--	---	---	---	--	---	---


Ang tawag sa pagparada ng mga Poon sa panahon ng pista.



## Tuklasin

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) sa guhit ang mga larawan na nag-udyok ng mga Pilipino na lumaban at ekis (\*) naman kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

1.)



\_\_\_\_\_

2.)



\_\_\_\_\_

3.)



\_\_\_\_\_



4.)



\_\_\_\_\_

5.)



\_\_\_\_\_



## ***Suriin***

### **Kolonyalismong Espanyol at Pagkakakilanlan ng mga Pilipino**


Malaki ang naging impluwensiya ng kolonyalismong Espanyol sa pagbubuo ng bansa at pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Bilang isang arkipelago, isang hamon ang ipasailalim sa isang sentralisadong pamamahala ang hiwa-hiwalay na kaharian ng Pilipinas. Dahil sa puwersahang pagsakop ng mga Espanyol, napabilis ang pagkakaisa ng magkakahiwalay na kaharian upang labanan ang mga dayuhang mananakop. Pinagbuklod sila ng iisang karanasan sa ilalim ng mga Espanyol na siyang gumising sa kanilang damdaming makabayan.

Binago ng kolonyalismong Espanyol ang kultura at lipunan ng mga Pilipino. Nagbago ang uring panlipunan kung saan ang sinaunang kaayusang pinamumunuan ng datu, ipinagtanggol ng maharlika, pinaunlad ng mga timawa at pinagsisilbihan ng mga alipin ay napalitan ng lipunan kung saan ang nasa pinakamataas na uri ay ang mga Espanyol, sumunod ang mga *mestizo*, at ang pinakamababa ay ang mga katutubo.

Dulot din ng kolonyalismo, nabawasan ang karapatan at kalayaang tinatamasa ng mga mamamayan, lalo na ng kababaihan. Sa kultura ay nagkaroon ng pagbabago sa larangan ng pananamit, pagkain, pag-aasal, panirahan, panitikan, arkitektura, at iba pa. Pinakamalawak na pagbabago sa Pilipinas ay ang pagyakap ng mga katutubo sa Kristiyanismo.

Gayunpaman, hindi tuluyang nabura ang sinaunang tradisyon at kultura ng mga Pilipino sa kabila ng mahigit tatlong daan taong kolonyalismong Espanyol. Dahil sa kalayuan ng Pilipinas sa Espanya, nagkaroon ng pagkakataon ang mga Pilipinong piliin ang mga impluwensiyang pangkultura at panlipunan na maiaangkop nila sa nakagisnang kalinangan.

Sa huli, nagbigay daan ang kolonyalismong Espanyol upang matuklasan ng mga Pilipino kung ano ang kaya nilang gawin upang maipagtanggol ang karapatang mamuhay nang malaya. Nagkaroon ng kamalayan o tapang ang mga Pilipino upang tutulan ang mga hindi makatarungan at mapang-abusong pamamahala ng mga Espanyol sa bansa. Hinamon nito ang pagmamahal sa bayan ng mga Pilipino. Gayun din, nagbigay-daan ang kolonyalismong Espanyol upang makaangkop ang mga Pilipino sa mga pagbabagong dulot ng pananakop. Hinamon nito ang katatagan ng mga Pilipino at nagbigay-daan din sa pag-unlad ng pagkakakilanlang Pilipino.



## ***Pagyamanin***

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung ang sitwasyon ay nagpapamalas ng pagmamahal sa bayan at **MALI** kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Pagtatanggol ng mga sundalo sa kalayaan ng bansa sa panahon ng digmaan.
2. Pag-aalay ng serbisyo publiko ng mga *frontliners* sa kabila ng panganib na dulot ng COVID-19.
3. Pakikipaglaban ng mga pulis sa pagpuksa sa *illegal* na droga na sumisira sa kinabukasan ng mga kabataan.
4. Pag-aaral ng mabuti upang makakuha ng mataas na grado at makapagtrabaho sa ibang bansa.
5. Pagsunod sa mga batas at ordinansang ipinatutupad upang mapanatili ang kaayusan sa loob ng bansa.



## **Isaisip**

**Panuto:** Punan ang nawawalang salita upang mabuo ang talata. Gawin ito sa sagutang papel.

Nagbigay-daan ang kolonyalismong Espanyol upang matuklasan ng mga katutubo kung ano ang kaya nilang gawin upang \_\_\_\_\_ ang karapatang \_\_\_\_\_. Hinamon nito ang \_\_\_\_\_, katatagan ng mga Pilipino sa anumang hamon sa buhay, at nagbigay-daan din sa \_\_\_\_\_.



## **Isagawa**

**Panuto:** Basahing mabuti ang tanong sa ibaba. Piliin ang tamang sagot sa pagpipilian. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

Tanong: Bilang isang mag-aaral sa ikalimang baitang, paano mo maipagmalaki ang iyong pagiging Pilipino?

- A. I post sa *facebook* ang mga magagandang tanawin sa inyong lugar at hikayatin ang mga turista na pumunta dito.
- B. Manood ng *Korean Drama series* araw-araw.
- C. Aralin ang Kasaysayan ng Pilipinas.
- D. I follow ang mga sikat na *Korean artists* katulad ng *BlackPink*.
- E. Magsalita ng Filipino.
- F. Magbasa ng mga aklat na nakasulat sa Filipino.
- G. I *MyDay* ang nabiling *branded* na sapatos at bag.
- H. Bumili ng produktong Pilipino at ipagmalaki ito.



# Tayahin

**A. Panuto:** Alin sa mga sumusunod ang nagpapahayag ng pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino. Kopyahin ang tamang pangungusap sa sagutang papel.

1. Pagbuwis ng sariling buhay sa pakikipaglaban upang maibalik ang kalayaan ng bansa.
2. Nakapagpapahayag ng damdamin ng pagbabago sa pamahalaan nang hindi gumagamit ng dahas.
3. Pagsunod sa mga patakarang ipinatupad kahit labag sa kalooban.
4. Makilahok at makiambag sa gawaing pampamayanan na nagdudulot ng pagkakaisa.
5. Pagpahayag ng karapatan sa pamamagitan ng pagboto sa panahon ng eleksiyon.

**B. Panuto:** Punan ng titik ang bawat bilang para makabuo ng isang konsepto. Isulat ito sa sagutang papel.

<b>A</b>	<b>B</b>	<b>C</b>	<b>D</b>	<b>E</b>	<b>F</b>	<b>G</b>	<b>H</b>	<b>I</b>	<b>J</b>
1	2	3	4	5	6	7	8	9	10

<b>K</b>	<b>L</b>	<b>M</b>	<b>N</b>	<b>O</b>	<b>P</b>	<b>Q</b>	<b>R</b>	<b>S</b>	<b>T</b>
11	12	13	14	15	16	17	18	19	20

<b>U</b>	<b>V</b>	<b>W</b>	<b>X</b>	<b>Y</b>	<b>Z</b>	-	.
21	22	23	24	25	26	27	28

1	14	7		16	1	7	13	1	13	1	8	1	12
19	1		2	1	25	1	14		1	25			
14	1	19	21	19	21	11	1	20		8	1	14	7
7	1	14	7		11	1	13	1	20	1	25	1	14



## ***Karagdagang Gawain***

Kung ikaw ay rebolusyonaryong nabuhay noong panahon ng kolonyalismong Espanyol, ano-anong mga katangian ang dapat taglayin upang maipagpatuloy ang himagsikan laban sa mapang-abusong panakop. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

### **PAMANTAYAN SA PAG-ISKOR**

	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Paghusayan Pa (3)
<b>Nilalaman</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>Pagsunod sa uri ng hininhingi</li> <li>Lawak at lalim ng pagtatalakay</li> </ul>			
<b>Balirala</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>Wastong gamit ng salita, baybay, bantas, at estruktura ng mga pangungusap</li> </ul>			
<b>Hikayat</b> <ul style="list-style-type: none"> <li>Paraan ng pagtatalakay sa paksa</li> <li>Lohikal ng pagkakaayos</li> <li>Pagkakaugnay ng mga ideya</li> </ul>			



# Susi sa Pagwawasto

<b>Isagawa</b>	A	8	<b>Subukin</b>
	B	9	
	C	10	
	D	3	
	E	4	
<b>Tayahin</b>	A. PANGUNGUSAP BILANG 1,2,4,5	1.) SENAKULO	<b>Balikan</b>
	B. ANG PAGMAMAHAL SA BAYAN	3.) PAGHAHARANA	
	AY NASUSUKAT HANGGANG	4.) PASKO	
	KAMATAYAN	5.) PRUSISYON	
	<b>Karagdagang Gawain</b> ANSWERS MAY VARY (SEE RUBRICS)	1.) X	
3.) ✓			
4.) ✓			
5.) ✓			
<b>Pagymanin</b>		1.) TAMA	2.) TAMA
	3.) TAMA		
	4.) MALI		
	5.) TAMA		

## ***Sanggunian***

DepEd-RO8, *TG Araling Panlipunan*, 2016

Gabuat, Maria Annalyn P., Mercado Michael M., Jose, Mary Dorothy dL.,  
*Pilipinas Bilang Isang Bansa*, Vibal Group, 2016.

Guerra, Restituta San Pedro, Ed.D., *Ang Bayan Kong Mahal*. Abiva Publishing House, Inc., 1999

Julian, Ailene B., Lontoc, Nestor S., *Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino*, Phoenix Publishing House, Inc. 2018

Palu-ay, Alvenia P., *Makabayan Kasaysayang Pilipino*, LG&M., 2006

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)